# Si Allah ay Pinakadakila,Ito ay mga landas,Sinabi ninyo,-Sumpa sa kaluluwa ko na Hawak Niya sa Kamay Niya-,ang tulad ng sinabi ng mga Angkan ng Israel kay Propeta Musa

Ayon kay Abe Waqid Allaythiy-malugod si Allah sa kanya-siya ay nagsabi: Lumabas kami kasama ang Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-sa Hunayn,habang kami ay mga bago sa kapanahonan ng Hindi pananampalataya [Bagong yakap sa Islam],at sa mga Mushrikin [Sumasamba sa mga Diyus-diyosan] ay may isang Puno na namamalagi sila rito,at isinasabit nia rito ang mga sandata nila,Sa may mga medalyon;Dumaan kami sa yaong puno,Nagsabi kami : O Sugo ni Allah,Gumawa ka sa amin ng [isang puno] na may mga Medalyon tulad ng mayroon sa kanilang [isang puno] na may mga Medalyon Ang sabi ng Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-((Si Allah ay Pinakadakila,Ito ay mga landas,Sinabi ninyo,-Sumpa sa kaluluwa ko na Hawak Niya sa Kamay Niya-,ang tulad ng sinabi ng mga Angkan ng Israel kay Propeta Musa: {Gumawa ka sa amin ng isang Diyos nakatulad ng kanilang mga diyos,Siya ay nagturing: Katotohanang kayo ay mga tao na nag-aasal ng kamang-mangan} Katotohanang susunod kayo sa mga landas ng sinumang nauna sa inyo))

[Tumpak] [Isinaysay ito ni At-Tirmidhīy - Isinaysay ito ni Imām Aḥmad]

Ipinapaalam ni Abu Waqid Allaythiy-malugod si Allah sa kanya- ang tungkol sa pangyayaring napapaloob rito ang Pagkamangha at Pangangaral;At ito ay nang sila ay makipandarambong kasama ang Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-sa Tribo ng Hawazin;At ang pagyakap nila sa Islam ay bago pa;Itinago nila ang gawaing pagtatambal sa kanila,At nang makita nila ang mga ginagawa ng mga Mushrikun [Sumasamba sa mga diyos-diyusan],mula sa Pagbibigay Pagpapala sa isang Puno,Hiniling nila sa Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-Na pagkalooban sila ng isang punong katulad nito,Nagdakila sa Allah [Allahu Akbar] ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-bilang pagtatanggi,at Pagdadakila kay Allah,at Pagmamanghan sa salitang ito,At ipinaalam niya na ang salitang ito ay kahawig sa salita ng mga grupo ng Tao ni Propeta Musa,sa kanya,Dahil sa mga nakita nila na sumasamba sa mga Diyus-diyosan.:{Ipagkaloob mo sa amin ang isang panginoon tuld ng kanilang panginoon} At ang mga gawaing ito ay pagsunod sa mga landas nila,Pagkatapos ay sinabi niya-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan- Na ang Ummah na ito ay susunod sa landas ng mga Hudyo at Kristiyano,At Magsasabuhay sa mga Pamamaraan nila,Gagawin ang mga gawain nila,At ito ay isang Pagpapahayag na ang kahulugan ay Paninirang-puri at Pagbabala sa mga gawaing ito.